# San Diego County Immigrant Legal Defense Program (Programa ng Legal na Pagtatanggol para sa mga Imigrante, ILDP)

## TUNGKOL SA ILDP

Noong 2021, iminungkahi ni Superbisor Terra Lawson-Remer at itinatag ng Lupon ng mga Superbisor ng County ng San Diego ang Programa ng Legal na Pagtatanggol para sa mga Imigrante ng San Diego County. Tinitiyak ng programa ang makatarungang proseso at pagiging patas sa mga paglilitis sa imigrasyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng legal na representasyon sa mga taong kasalukuyang nasa mga paglilitis para sa deportasyon. Opisyal na inilunsad ang programa noong Abril 2022 sa loob ng Public Defender's Office (Tanggapan ng Pampublikong Tagapagtanggol) at pinalawak noong Agosto 2025 upang magbigay ng mga serbisyo sa mga menor de edad na walang kasama.

## MGA KWALIPIKASYON

Nagbibigay ang programang ito ng libreng legal na representasyon sa mga indibidwal na may kaugnayan sa San Diego County na kasalukuyang nakakulong sa isang kulungan para sa mga imigrante, mga menor de edad na walang kasama, o yaong kasalukuyang nasa kalagayan ng Pansamantalang Pagkakakulong sa San Diego County.

## KUNG PAANO MAKIPAG-UGNAYAN SA ILDP PARA SA LEGAL NA REPRESENTASYON

Kung ikaw o ang isang mahal sa buhay ay naghahanap ng abogado sa imigrasyon para sa legal na representasyon sa iyong kaso ng imigrasyon, maaari mong tawagan ang linya ng ILDP sa **(619) 446-2883** upang makakonekta.

Kapag tumatawag, maging handa na magbigay ng impormasyon tungkol sa taong iyong tinatawagan, kabilang ang kanilang pangalan, petsa ng kapanganakan, detention A#, inaasahang isyu ng legal na pagtatanggol para sa mga imigrante (hal. asylum, pagtanggal ng parusang kriminal, suspensyon ng deportasyon, atbp.), at iba pang impormasyon tungkol sa kaso.

**Mga paraan ng pagkonekta:**

- **Linya ng Pagtanggap ng ILDP: (619) 446-2883**
- **Para sa mga kasalukuyang nakakulong sa loob ng Otay Mesa Detention Center: Tumawag nang libre sa pamamagitan ng pag-dial ng 1157#**
- **Email: oac.immigration@sdcounty.ca.gov**

**Oras ng Operasyon ng Linya ng Pagtanggap:**

- **Lunes hanggang Biyernes, 8:00am–5:00pm.**
- **Kung tumawag ka sa labas ng mga oras na ito, mag-iwan ng mensahe at sasagutin ang iyong tawag sa lalong madaling panahon sa mga oras ng sanlinggo.**

Para sa anumang katanungan tungkol sa ILDP, makipag-ugnayan sa Office of Assigned Counsel (Tanggapan ng Itinalagang Abogado, OAC) sa oac@sdcounty.ca.gov.

## EPEKTO NG PROGRAMA



**3,000** indibidwal ang kinakatawan mula noong 2022



**12,500** tawag ang natanggap mula sa mga indibidwal na naghahanap ng representasyon, may average na **35** tawag bawat araw



Halos naging triple mula **10%** tungong **41%** ang bilang ng mga indibidwal na nakakulong sa Otay Mesa na may representasyon



**40%** ng mga kasong may kongkretong resulta ang nauwi sa pagkapanalo o pananatili sa bansa. (2002-2025)

---

## ISANG MENSAHE MULA KAY SUPERBISOR TERRA LAWSON-REMER

Apat na taon na ang nakalipas, inilunsad namin ang Programa ng Legal na Pagtatanggol para sa mga Imigrante ng San Diego County na may matapang na layunin: upang matiyak na walang sinuman sa ating komunidad ang haharap sa banta ng maling deportasyon nang mag-isa dahil lamang hindi nila kayang kumuha ng abogado.

Ngayon, ikinararangal kong ibahagi na ang programang ito ay nakapagbigay ng mahalagang legal na representasyon sa mahigit 3,000 indibidwal, bilang pagtatanggol sa pagiging patas, makatarungang proseso, at dignidad ng tao. Salamat sa dedikasyon ng aming mga katuwang na legal na organisasyon at suporta ng komunidad, tunay tayong nakagagawa ng pagbabago sa pamamagitan ng pagpapanatiling buo ng mga pamilya at pagbibigay ng pagkakataong manatili ang mga imigranteng kasama natin sa komunidad sa lugar na kanilang itinuturing na tahanan.

Ang programang ito ay higit pa sa pagbibigay ng legal na representasyon—ito ay para sa katarungan, pagiging patas, at makatarungang proseso. Habang pinagninilayan natin ang epekto ng programang ito, labis ang aking pagmamalaki sa mga nakamit natin at lalo akong determinado na itatag ang napakahalagang gawaing ito sa mga susunod na taon.

Mas malakas ang San Diego County kapag pinananatili natin ang ating mga pagpapahalaga ayon sa nakasaad sa Konstitusyon ng U.S, at nagpapasalamat ako sa lahat ng tumulong upang maging matagumpay ang programang ito. Sama-sama, nagtatayo tayo ng komunidad kung saan lahat ay may pagkakataon na umunlad.

**- Superbisor Terra Lawson-Remer**

Lupon ng mga Superbisor ng San Diego County